

SENIOR HIGH SCHOOL



Filipino sa Piling Larang (Akademik)

Ikalawang Markahan


Modyul 12:

Pagtiyak sa Elemento ng

Pinanood na

Programang

Pampaglalakbay



CO_Q1_FILIPINO12_AKADEMIK_MODYUL12

PAG-AARING PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino sa Piling Larang (Akademik)
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan-Modyul 12
Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Catherine F. Alcantara
Alfredo R. Alcantara
Alfred S. Mendoza
Editor: Rosarie R. Carlos
Katuwang na Editor: Alfred S. Mendoza
Tagasuri: Rosarie R. Carlos
Tagaguhit:
Tagalapat: Raphael A. Lopez
Tagapamahala: Wilfredo E. Cabral
Arnulfo M. Balane
Micah G. Pacheco
Ma. Gloria G. Tamayo
Dennis M. Mendoza
Dr. Meliton R. Zurbano
Filmora R. Caballero
Jean A. Tropel
Rosarie R. Carlos

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Office Address: Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

E-mail Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph

SENIOR HIGH SCHOOL

**Filipino sa Piling
Larang (Akademik)
Ikalawang Markahan
Modyul 12:
Pagtiyak sa Elemento ng
Pinanood na
Programang
Pampaglalakbay**

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino sa Piling Larang (Akademik)-Baitang 12 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagtiyak sa Elemento ng Pinanood na Programang Pampaglalakbay!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pamribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino sa Piling Larang (Akademik)-Baitang 12 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagtiyak sa Elemento ng Pinanood na Programang Pampaglalakbay!

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



Alamin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



Balikan

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



Suriin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Pagyamanin

Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isaisip

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



Tayahin

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



Susi sa Pagwawasto

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

Pagbati! Matagumpay mong naisakatuparan ang mga gawain sa nakaraang modyul. Ngayon ay nasa Modyul 10 na tayo, inaasahang muli na magiging makabuluhan at kawili-wili ang iyong magiging karanasan sa pagtugon sa mga gawaing nakapaloob sa araling ito.

Ang modyul na ito ay idinisenyo upang ikaw ay matulungan na matamo ang mga kasanayang inaasahan sa kursong Filipino sa Piling Larang (Akademik). Tatalakayin dito ang isa sa mga uri o anyo ng akademikong sulatin- ang Lakbay-sanaysay. Tutulungan ka ng modyul na ito na alamin ang kahulugan, katangian at wastong pamamaraan sa pagsulat ng sulating ito. Ang nilalaman nito ay posibleng



Alamin

iba sa nilalaman ng karaniwang aklat ngunit isinaayos ang mga aralin ayon sa istandard na batayan sa pagtuturo ng kursong ito.


Ang modyul na ito ay nahahati sa sumusunod na paksa:

1. Pagbibigay Kahulugan sa Lakbay-sanaysay
2. Mga Elemento ng Lakbay-sanaysay
3. Mungkahing Gabay sa Epektibong Pagsulat ng Lakbay-sanaysay
4. Halimbawa ng Lakbay-sanaysay

Pagkatapos mong sagutan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Natitiyak ang mga elemento ng pinanood na programang pampaglalakbay.

CS_FA11/12PT-0m-o-90



Subukin

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang tsek (✓) kung wasto ang inilalahad ng sumusunod na pangungusap, ekis (X) kung mali.

1. Ang Lakbay-sanaysay ay tumutukoy sa mga likhang-isip na kuwento ng may-akda.
2. Hindi kinakailangan ang mga larawan sa pagsulat ng Lakbay-sanaysay.
3. Kilala rin sa tawag na *travelogue* ang Lakbay-sanaysay.
4. Isa sa mga layunin ng Lakbay-sanaysay ay makabuo at makapagbahagi ng gabay o *tips* sa mga taong nais bumisita sa isang lugar.
5. Higit na mauunawaan ng mga mambabasa ang nilalaman ng Lakbay-sanaysay kung ito ay nasa kronolohikal na pagkakasunod-sunod.
6. Walang sinusunod na gabay ang may-akda sa paglikha ng Lakbay-sanaysay. Malaya siyang sumulat sa anomang pamamaraang nais niya.
7. Ang Lakbay-sanaysay ay hindi lamang dapat nagbibigay-aliw sa mga mambabasa. Ito rin ay dapat naglalahad ng mga impormasyon.

8. Mas mainam na gumamit ng mahaba at maligoy na pananalita sa pagsulat ng Lakbay-sanaysay.
9. Ang Lakbay-sanaysay ay isang akda na may layuning maipabatid ang naging karanasan ng manunulat sa kanyang paglalakbay.
10. Ayon kay Nonong Carandang, ang Lakbay-sanaysay ay maaari ring mangahulugan na sanaylakbay.

Aralin 12

Pagtiyak sa Elemento ng Pinanood na Programang Pampaglalakbay



Balikan

Panuto: Alalahanin ang huling programang pampaglalakbay na napanood at sumulat ng maikling sanaysay hinggil sa mga pangyayaring nakapaloob dito at isulat ito sa sagutang papel.



Mga Tala para sa Guro

Isa sa mga gampanin natin bilang guro ang matulungan ang mga mag-aaral na makapagbahagi ng kanilang samu't saring karanasan at saloobin. Ang pagsulat ng Lakbay-sanaysay ay makatutulong nang malaki upang malayang mailahad ang kanilang perspektibo at kamalayan sa kanilang naging paglalakbay.



Tuklasin

Panuto: Pumili ng tatlong pahayag sa baba na sa iyong palagay ay mabuting naidudulot ng paglalakbay sa isang tao at pagkatapos ay sundin ang mga hinihingi sa bawat bilang.

- | | |
|------------------------------------|---|
| A. Natututo ng mga bagong kaalaman | E. Nagbibigay ng kapanatagan ng isipan |
| B. Nakakikilala ng mga kaibigan | F. Napabubuti ang kalusugan |
| C. Nalilimutan ang mga problema | G. Nakabubuo ng mga alaalang di malilimutan |
| D. Nakikilalang mabuti ang sarili | |

1. Sumulat ng maikling paliwanag sa sagutang papel kung bakit mo napili ang tatlo.
2. Kung ikaw ay manonood ng isang vlog o video tungkol sa isang paglalakbay, ano-anong bahagi ng palabas ang inaabangan mo upang makita ang mga pinili sa taas na naidudulot ng panonood mo ng video.



Suriin

Lakbay-sanaysay


Ang Lakbay-sanaysay ay isang uri ng sulatin na ang layunin ay mailahad ng may-akda ang kanyang mga naranasan at mga natuklasan sa paglalakbay. Ito ay mas kilala rin sa tawag na *travel essay* o *travelogue* na maaaring nasa anyong pelikula, lathalain, palabas sa telebisyon o anomang anyo ng panitikan na nagpapamalas ng dokumentasyon hinggil sa mga lugar na napuntahan ng manlalakbay. Binanggit naman ni Nonong Carandang, isang propesor at manunulat na ang Lakbay-sanaysay ay nangangahulugan ding *sanaylakbay*. Kinapapalooban ito ng tatlong kaisipan: sanaysay, sanay at lakbay. Itinuturing niyang pinakamainam na paraan ng pagtatala ng lahat ng mga naging karanasan ng isang tao sa paglalakbay ang paglikha ng sanaysay. Mula sa pagsisimula pa lamang ng paglalakbay hanggang sa naging paulit-ulit na ang gawaing ito, siya ay nagkakaroon ng kasanayan sa pagpapalano at pag-aayos ng mga dapat isagawa at tandaan. Kasabay rin nito ang pagpapaunlad ng kasanayan ng isang manlalakbay sa pagsasalaysay ng mas detalyadong pangyayari upang walang makaligtaan at walang panghinayangang mga alaala dahil mayroon siyang maaaring balikan at ito ang nilikha niyang Lakbay-sanaysay.

Mga Elemento sa Pagsulat ng Lakbay-sanaysay

Nakapaloob kay Tavishi (2021), Mendoza (2009) ang sumusunod na elemento sa pagsulat ng Lakbay-sanaysay sa bawat bahagi:

1. **Panimula** – ang bahaging ito ang itinuturing na mapa ng sanaysay. Ito ang nagbibigay direksiyon sa mga mambabasa ng pangkalahatang ideya o *overview* sa nilalaman ng isang akda. Mahalagang sa simula pa lamang ay kawili-wili na ang paraan ng paglalahad upang mapukaw agad ang interes ng target na *audience*.
 - a. *Panimulang kataga* – ang nagsisilbing *tag* ng Lakbay-sanaysay na pumupukaw sa atensyon ng mambabasa.
 - b. *Hook* – ang unang limang pangungusap ng sanaysay na naglalahad na may panghihikakayat sa mambabasa.
 - c. *Tema* – ito ang nagsisilbing kaligiran ng sanaysay kung ano ang magiging direksyon ng paglalahad ng mga lugar.
 - d. *Larawan* – ito naman ang mga panghikayat na biswal ng mga lugar, pagkain, mga tao, kultura at iba pang tampok sa lugar na binisita.
2. **Katawan/Nilalaman** – Ito ang magtatampok ng mga karanasan at pangyayari sa isang akda kaya't kinakailangang organisado at maayos ang pagkakasunod-sunod ng paglalahad ng mga detalye upang madaling maunawaan ng mga mambabasa.
 - a. *Karanasan sa paglalakbay* – inilalahad dito ang iba't ibang kakaibang karanasan o *adventure* ng taong naglalakbay.

- b. *Larawan ng mga tampok na lugar* - ang mga larawang binisita at itinatampok sa paglalakbay.
 - c. *Mga petsa at oras* – ito ang hudyat ng organisasyon ng sanaysay batay sa panahon ng pagkakaayos ng paglalahad ng sanaysay.
 - d. *Mga gugolin* – ito naman ang mga presyo o halaga ng gastusin ng isang manlalakbay na nagsisilbing gabay at panghikayat sa mga mambabasa dahil ito ang malimit na hinahanap sa mga Lakbay-sanaysay.
 - e. *Mga transportasyon* – ito ang mga pamamaraan kung paano makararating sa lugar at kung ano-ano pa ang maaaring gamiting transportasyon habang naglilibot sa lugar.
 - f. *Mga landmark* – ito ang mga kilalang lugar na madaling tandaan at karaniwang alam nang lahat ng mga manlalakbay.
 - g. *Mga tutuluyang pahingahan* – malimit na mga *hotel* o *apartel* na siyang tutuluyan ng manlalakbay.
 - h. *Mga tampok na pagkain* – ito ang isa sa mga pang-akit ng mga manunulat at inaabangan ng mga mambabasa sa Lakbay-sanaysay. Nagsisilbing gabay ito sa mambabasa sa pagpaplano ng mga iteniraryo batay sa oras at batay sa kung saan kakain ang mga manlalakbay.
3. **Konklusyon** – mahalagang mailahad dito ang mga positibong naidulot ng paglalakbay tulad ng mga aral at mga kaisipang napulot mula sa mga naging karanasan na nagpabago at nagpaunlad ng iyong sarili.
- a. *Pangkalahatang karanasan* – naglalaman ito ng pangkalahatang kinalabasan ng paglalakbay kung naging mabuti ba ang karanasan ng manunulat o hindi. Malimit na gumagamit ng mga *rating* ang mga manunulat upang ilarawan ang kanilang paglalakbay.
 - b. *Rekomendasyon sa mga manlalakbay* – ito naman ang mga mungkahi ng manlalakbay kung paano maglalakbay at gugugulin ang oras sa paglalakbay na isasagawa ng mga mambabasa.



Pagyamanin

Gawain 1

Panuto: Panoorin ang *video* ng paglalakbay ni Catherine F. Alcantara at ng kanyang pamilya sa Ilocos. Hanapin ito sa <https://youtu.be/VMtUMpD9wDg> o iscan lamang ang *QR code* upang mapanood ang *video*.



Basahin ang Lakbay-sanaysay batay sa *video* na pinanood at sagutin ang sumusunod na tanong pagkatapos nito. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Biyaheng Norte

ni Catherine F. Alcantara

Magtatapos pa lamang ang buwan ng Marso noon ay nagpasya na ang aming pamilya at ilang kamag-anak na magtutungo sa Norte pagsapit ng bakasyon. Dahil kaming mag-asawa ay parehong guro, madalas ay abala kami sa aming pagtuturo at iba pang gawain. Gayundin naman ang aming anak ay pumapasok sa paaralan, kaya't bibihirang pagkakataon lamang kung kami ay makapagplano ng pamamasyal sa malayong lugar. Dumating na ang araw ng pagtatapos ng klase. Isang masayang

pagkakataon upang kaming mag-anak ay magkaroon ng mas mahabang oras upang makapagrelaks, magkuwentuhan, magtulung-tulong sa mga gawaing bahay at magplano para sa nalalapit naming paglalakbay. Ang lahat ay nananabik na at halos hilahin na ang araw ng aming pag-alis. Higit ang nakikita kong kasiyahan sa mukha ng aming panganay, sapagkat ito pa lamang ang ikalawang pagkakataon niya na makasama sa malayuang biyahe maliban sa aming pamamasyal noon sa Palawan.

Abril 17, 2017, maaga pa lamang ay inayos na namin ang mga pinamiling pagkaing babaunin at ang mga gamit na dadalhin. Inilagay na rin ang mga ito sa sasakyan upang nakahanda na ang lahat at wala nang makalimutan. Maagang natulog ang lahat ngunit ang ilan ay hindi yata dalawin ng antok at hindi na mapakali.

Abril 18, 2017, ika-4:00 pa lamang ng umaga ay umalis na kami sa aming bahay. Binaybay namin ang kahabaan ng TPLEX. Hindi nawala ang kuwentuhan at tawanan habang kami ay nasa biyahe. Humigit-kumulang walong oras bago namin narating ang *apartment* na aming tutuluyan na Dos Niños Home na matatagpuan sa San Julian, Vigan, Ilocos Sur. Nasa bukana lamang ito kaya't madali naming natunton. Maganda, malinis at maaliwalas ang loob nito. Mayroon itong dalawang malalaking silid at sa loob nito ay may dalawa hanggang tatlong kama. Kami ay nasa ikalawang palapag at dahil mayroon itong balkonahe, nalalanghap namin ang sariwang hanging dala ng mga nakapaligid na puno sa kabila ng mainit na panahon. Matapos kumain, saglit kaming nagpahinga at inihanda ang aming sarili sa simula ng aming paglilibot. Una kaming nagtungo sa Baluarte Mini Zoo na pagmamay-ari ng dating gobernador ng Ilocos na si Luis "Chavit" Singson. Nakita namin dito ang mga hayop tulad ng kabayo, tigre, leon, *zebra*, *camel* at marami pang iba. Napasok din namin ang *Safari Gallery* na matatagpuan mismo sa loob ng zoo. Isa itong museo na kinapapalooban ng mga koleksiyon ng napreserbang mababangis na hayop na nakuha ng gobernador mula sa kanyang pangangaso mula sa iba't ibang bansa. Tunay na kamangha-mangha ang animo'y buhay na mga imahe at larawan na naroroon. Dahil inabot na kami ng gabi, nasaksihan pa namin ang pagtatanghal ng mga mahuhusay na *fire dancers*. Matatagpuan ang *mini zoo* na ito sa Brgy. Salindog, Vigan City, Ilocos Sur at bukas ito mula Lunes hanggang Linggo. Dala ng pagod sa maghapon paglalakbay, ang lahat ay maagang nakatulog ng may ngiti sa labi dahil sa masayang karanasan sa unang araw namin sa Norte.

Abril 19, 2017, nagpasiya kaming puntahan ang *Calle Crisologo* na dati'y sa mga magasin, *post card* at larawan ko lamang nakikita. Higit na kaakit-akit ang lugar na ito sa personal kaysa sa aking inaakala. Ang *Calle Crisologo* ay tinaguriang "*The Heritage Village*" ng UNESCO dahil mababakas dito ang kasaysayan ng nakalipas. Napalilibutan din ng mga bilihan ng samu't saring produktong Pilipino mula sa mga walis tambo, hinabing kumot, mantel at pamunas, mga basket, bag, sombrero, baso, *t-shirts* at mga kutkutin tulad ng kornik at mani. Waring hindi nakaramdam ng pagod ang mga batang kasama namin lalo na nang nakita nilang nagkalat ang mga *street foods* sa paligid tulad ng *dirty ice cream*, *fish balls*, *cotton candy* at taho. Nang makaramdam kami ng gutom, kumain kami sa isang "kilalang Inasal". Pangkaraniwan nang makakakain sa lugar na ito kung nasa siyudad subalit sa pagkakataong iyon, animo'y nasa ibang panahon kami dahil sa *ambiance* na hatid

ng kapaligiran. Pagsapit ng gabi higit naming napagmasdan ang kagandahan ng kalapit na kalyeng ito, ang *Plaza Burgos* na itinayo upang alalahanin ang kabayanihan ni Padre Jose P. Burgos, isa sa tatlong paring martir na binitay noong panahon ng pananakop ng mga Espanyol. Bago kami umuwi ay hindi namin nakaligtaan na magpakuha ng larawan sa tabi ng mga naggagandahang lugar na naroon. Ang *Calle Crisologo* ay bukas mula umaga hanggang gabi at maaaring bisitahin sa Mena Crisologo St., Meztizo District, Vigan City.

Abril 20, 2017, matapos ang tatlong araw na pananatili namin sa Ilocos Sur ay dumiretso na kami sa isa pa naming destinasyon. Hindi namin maaaring palampasin ang pagbisita sa ipinagmamalaking Bangui Windmill Farm na matatagpuan sa Bangui Bay, Bangui, Ilocos Norte. Ayon mga tagaroon, ang tila mga higanteng bentilador na aming natatanaw ang nagbibigay ng elektrisidad sa buong Ilocos. Kagila-gilalas ang mga naglalakihang windmill na ito na malapit sa baybayin kaya't mas mainam na pumunta dito nang maaga upang makita ang taglay nitong ganda. Sa paligid, ay may ilang souvenir shops at kainan.

Abril 21, 2017, umaga pa lang ay naligo na kaming lahat sa dagat dahil aalis rin kami sa Pagudpod bago magtanghalian. Makikita man sa mukha ng bawat isa ang pagod ay naroon pa rin ang kasiyahan dahil sa iba't ibang karanasan sa bawat paglalakbay. Muli na naman kaming naghanda sa isang malayong biyahe patungo sa Cauayan City, Isabela upang saglit na mabisita ang aming kamag-anak na naroon. Walang katapusang mga puno at bundok yata ang aming nakita. Hatinggabi na ng kami ay nakarating sa bahay ng aking tiyahin. Masayang nagkumustahan ang lahat, nagkainan at sabay-sabay na ring natulog.

Abril 22, 2017, kinabukasan, hindi na pinalampas pa ng aking tiyahin na dalhin kami sa isa sa mga magagandang pasyalan sa kanilang lugar, ito ay sa Callao Cave na matatagpuan sa Peñablanca, Cagayan. Kinakailangang ihanda mo ang iyong sarili dahil medyo matarik at mataas ito pero kapag narating mo na ang tuktok, pakiramdam mo ay abot-kamay mo na ang langit. Matatagpuan sa kuwebang ito ang isang *chapel* na ang pinakagitna ay nasisinagan ng araw at ang mga *rock formations* na tunay na nakamamangha. Matatanaw mo rin mula sa itaas ang mga kabundukan na nasa harapan ng kuwebang ito. Talaga namang mawawala sa isip mo kung anoman ang iyong pinagdaraan kapag narating mo ang lugar na ito.

Halos pitong araw na paglalakbay na magkakasama kaming mag-anak. Mahabang oras ito kung tutuusin at nakapapagod talaga ang maikling bakasyon ngunit sa kabila ng lahat, hatid nito ay ang di mapapantayang kaligayahan. Ang malalakas na tawanan, masasaya, 'di matapos-tapos na kuwentuhan, at higit sa lahat ang mga alaalang kailanman ay 'di malilimutan. Ang mga ito ang aming babalik-balikan lumipas man ang mahabang panahon.

Mga Tanong:

1. Ano-anong lugar ang naging sentro ng paglalakbay? Ilahad ang kanilang mga naging karanasan dito.
2. Ilahad ang layunin ng may-akda sa pagsulat ng Lakbay-sanaysay.
3. Sa paanong paraan naipabatid ng may-akda ang kagandahan ng mga lugar at tanawin na kanyang napuntahan?

4. Tukuyin ang mga elemento ng pinanood/ binasang lakbay-sanaysay. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.
- Karanasan sa paglalakbay
 - Larawan ng mga tampok na lugar
 - Mga petsa at oras
 - Mga gugolin
 - Mga transportasyon
 - Mga landmark
 - Mga tutuluyang pahingahan
 - Mga tampok na pagkain

Gawain 2

Panuto: Matapos mong panoorin ang video at basahin ang lakbay-sanayay, Ilahad ang kahalagahan ng mga elemento ng Lakbay-sanaysay. Isulat ang sagot sa sagutang papel. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- Tampok ng lugar
- Tampok na pagkain
- Halaga ng gugolin

Gawain 3


Panuto: Balikan ang binasang akda. Isa-isahin at ipaliwanag ang mga katangiang dapat taglayin ng isang Lakbay-sanaysay na masasalamain dito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Isaisip

Panuto: Hanapin ang *keywords* na nasa loob ng kahon na may kaugnayan sa araling tinalakay. Gamitin ang mga ito sa pangungusap upang makabuo ng isang talata hinggil sa iyong natutuhan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

S	O	R	G	A	N	I	S	A	D	O
R	P	U	P	L	M	A	W	B	I	S
K	A	R	A	N	A	S	A	N	O	A
G	Y	O	G	A	R	P	L	Y	L	N
A	A	D	T	U	H	E	A	O	A	A
B	K	A	A	L	A	M	A	N	R	Y
A	T	N	T	U	G	A	L	I	A	S
Y	E	B	A	G	O	N	A	P	W	A
P	A	G	L	A	L	A	K	B	A	Y
L	K	I	A	R	N	T	E	W	N	R
O	T	A	N	A	W	I	N	R	U	D
N	P	H	U	K	U	L	T	U	R	A



Isagawa

Gawain 1

Panuto: Sumulat ng isang halimbawa ng Lakbay-sanaysay batay sa iyong sariling karanasan. Isaalang-alang ang mga elemento at mga katangiang dapat taglayin nito at isulat sa sagutang papel.

Gawain 2


Panuto: Manood ng isang *vlog* o programang nagpapakita ng paglalakbay. Tukuyin ang mga elemento at ibigay ang repleksyon sa iyong napanood. Isulat ito sa sagutang papel.



Tayahin


Panuto: Isulat ang salitang Tama sa sagutang papel kung wasto ang salitang may salungguhit at kung mali, isulat ang tamang sagot.

1. Ang mga larawang binisita at itinatampok sa paglalakbay ay tinatawag na Larawan ng mga tampok na lugar.
2. Mga petsa at oras ang hudyat ng organisasyon ng sanaysay batay sa panahon ng pagkakaayos ng paglalahad ng sanaysay.
3. Ang mga gugolin ang mga presyo o halaga ng gastusin ng isang manlalakbay na nagsisilbing gabay at panghikayat sa mga mambabasa dahil ito ang malimit na hinahanap sa mga Lakbay-sanaysay.
4. Ang mga pamamaraan kung paano makararating sa lugar habang naglilibot sa lugar ay elementong transportasyon.
5. Ang mga pagkain ay mga kilalang lugar na madaling tandaan at karaniwang alam ng lahat ng mga manlalakbay.



Karagdagang Gawain

Bilang isang mag-aaral, sa paanong paraan mo maaaring mahubog ang iyong sarili upang magkaroon ng kasanayan sa pagsusulat? Ipaliwanag ang iyong sagot sa sagutang papel.



Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. Ilikhang-isip-tunay na kuwento
2. hindi kinakailangan-kinakailangan
3. ✓
4. ✓
5. ✓
6. walang sinusunod- may sinusunod
7. ✓
8. mahaba at maliigoy-payak at direkta
9. ✓
10. ✓

Tuklasin	Balikan
Malayang Sagot	Malayang Sagot

Pagymanin

Gawain 1
Malayang Sagot

Gawain 2
Malayang Sagot

Gawain 3
Malayang Sagot

Gawain 4
Malayang Sagot

Isaisip

1. Laktay-samaysay
2. Turista
3. Unang Panauhan
4. Organisado
5. Katawan
6. Reyalisasyon
7. Travelogue
8. Pamula
9. Impormatibo
10. Konklusyon

Isagawa

Gawain 1
Malayang Sagot


Gawain 2
Malayang Sagot

Gawain 3
Malayang Sagot

Gawain 4
Malayang Sagot

Tayahin

1. Tama
2. Tama
3. Tama
4. Tama
5. Land mark



Sanggunian

Mula sa mga Aklat

Bernales, Rolando A, et. al. (2017). *Filipino sa larangang akademiko*. Mutya Publishing House Inc. Malabon City

Julian A. B. at Lontoc N. (2016). *Pinagyamang pluma (K-12)*. Phoenix Publishing House, Inc. Quezon City

TAVISHI, PS. (2021). *How to Write a Travelogue (Tips for Aspiring Travel Bloggers)*. Maven Media Brands. JAN 11, 2021. <https://owlcation.com>.

Mula sa Internet

<https://www.google.com/search?q=child+thinking+holding+pen+and+paper+cartoon&tbm=isch&ved=2ahUKEwikq5PI24DqAhUIBaYKHRrdDXIQ2cCegQIABAA&oeq=child+thinking>

<https://hubpages.com/literature/How-to-Write-a-Travelogue>

https://www.youtube.com/watch?v=ldvoXw_78sE

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph